

MGA SAGOT SA KATANUNGAN TUNGKOL SA “FLATTENING THE CURVE”


UP COVID-19 Pandemic Response Team

1. Ano ang *flattening the curve*?

Ito ang mga hakbang na ginagawa ng komunidad upang mapababa ang dami ng may sakit ng COVID-19 upang makaya ng ating mga ospital at mga medical professional na matugunan ang lahat ng pangangailangan ng mga pasyenteng positibo sa COVID-19. (Flattening the curve refers to community isolation measures that keep the daily number of disease cases at a manageable level for medical providers.)

2. Paano masasabing nag-*flatten* na ang *curve*?

Ang mataas na *curve* (kulay purple) ay naglalarawan sa dami ng mga may sakit ng COVID-19 kung walang gagawing hakbang para pigilin ang pagkalat ng virus. Ang mas mababang *curve* naman (may pahalang na mga linya) ay naglalarawan sa dami ng may sakit ng COVID-19 kung may gagawing hakbang ang komunidad kontra COVID-19 katulad ng ECQ.




Source: CDC

Samakatwid, upang makita ang "flattening of the curve" ay dapat na may mapaghambing na dalawang sitwasyon: ang una ay iyong walang gagawing hakbang ang komunidad kontra COVID-19 at ang pangalawa ay iyong may gagawin na hakbang kontra COVID-19 katulad ng ECQ.

3. Ano ang posibleng magiging bilang kung hindi tayo nag-ECQ o gumawa ng kahit na anong hakbang kontra COVID-19?


Ayon sa modelers ng UP COVID-19 Pandemic Response Team, ang pinakamataas na posibleng maitalang may sakit sa Pilipinas sa isang araw ay 80,000 na katao kung pinabayaan lang natin ang pagkalat ng COVID-19. Kasama sa bilang na ito ang mga walang sintomas (asymptomatic) at iyong mga hindi na-test kung positibo sa COVID-19.



Source: Dr. Jomar Fajardo Rabajante, UPLB

4. Pero may ginawa na tayong malaking hakbang, iyong ECQ na pagkatagal-tagal! Ano ang itsura kapag ikinompara natin sa graph na wala tayong ECQ?

Dahil sa ECQ, napakalaki ng ibinaba ng "curve" kung ihahambing sa wala tayong ginawa. Ang pinakamataas na naging bilang ng bagong kaso sa isang araw ay hindi hihigit sa 1,000 kung ikinompara sa 80,000 kung wala tayong ginawang ECQ. Kahit pa may pagkakamaling 100% o kaya 200% ang datos o kaya may delay sa pag-uulat ay hindi hihigit sa 10,000 na katao, sa pinakamataas na bilang, ang may sakit kada araw. Kasama na sa bilang na ito ang mga walang sintomas (asymptomatic) at hindi na-test kung positibo sa COVID-19.



Source: Source: Dr. Jomar Fajardo Rabajante, UPLB


Inset image: <https://www.endcoronavirus.org>

5. Dapat ba tayo na matuwa dito?

Oo, dahil naiwasan natin ang napakaraming posibleng namatay sa COVID-19, kompara sa kung hindi tayo nag-ECQ. Bukod doon ay nakapaghanda tayo ng kagamitan para sa mga ospital katulad ng mga PPE, face mask, field hospital, isolation center, testing center, at iba pa, para sa maaaring second wave pagkatapos ng 15 May 2020.


6. Ano ang patunay sa pag-flatten ng curve na iyan. Mayroon ba?

Mayroon. Ayon sa ulat ng mga ospital, marami ngayong mga bakanteng isolation bed at ICU. Kung hindi tayo nag-ECQ, posibleng mapuno ang mga ospital ng mga pasyente at maraming may sakit ng COVID-19 ang hindi matatanggap ng ospital at hindi magagamot.



Source: <https://www.doh.gov.ph/COVID-19 tracker>


Dahil na rin sa mga estratehiya para mapabagal ang pagkalat ng COVID-19, bumaba ang porsiyento ng mga namamatay sa sakit dulot ng COVID-19 dahil mas naaalagaan nang mabuti ang kritikal na pasyente sa ospital.



Source: <https://www.doh.gov.ph/COVID-19 tracker>

7. Ano ang *second wave*? Dapat ba akong matakot dito?

Ang *second wave* (a.k.a rebound or resurgence) ay ang muling pagtaas ng may sakit ng COVID-19 kapag tinapos na natin ang ECQ. Tinatawag din itong resurgence, rebound o ang muling pagtaas ng bilang ng mga taong may COVID-19 sa isang lugar. Depende sa desisyon ng gobyerno, iba-iba ang puwedeng mangyari (orange, blue, at green curve sa larawan).



Source: Dr. Jomar Fajardo Rabajante, UPLB

Dapat ka bang mag-alala? Aba, oo! Dahil kung mangyayari ito, maaaring marami pa rin ang magkakasakit, kung hindi man mamatay. Kaya nakasalalay ang maraming buhay sa tamang desisyon ng gobyerno sa pagtatapos ng ECQ.

Ang payo po namin, magbatay tayo sa siyensiya. Sa siyensiya, mahigpit at masusing nasusuri ang bawat sinasabi ng mga modelers at magagawa lamang ito kapag hawak ng maraming siyentipiko ang lahat ng datos at pagkaraan ay pinag-uusapan. Sa ngayon, iilan lamang ang may hawak ng kompletong datos at hindi narerebyu ng maraming siyentipiko kaya hindi rin naipapakita ang batayan ng kongklusyon.